# PAGSASANAY SA FILIPINO

Panuto: Tukuyin ang angkop na sagot sa loob ng panaklong ().

1. Ang (pang-abay, pang-uri) ay mga salitang naglalarawan sa isang tao, bagay, hayop, pook, at pangyayari.

2. Sa bahagi ng pananalita na (pangngalan, pandiwa) matutukoy ang mga salitang nagsasaad ng kilos o galaw.

3. Sa balarilang Filipino, ang (antas, kayarian) ng pang-uri ay binubuo ng lantay, pahambing, at pasukdol na uri.

4. Ang mga salitang naglalarawan sa ngalan ng tao, bagay, hayop, pook, at pangyayari ay tinatawag na (pang-uri, pangngalan).

5. Sa antas ng pang-uri na (lantay, payak), simple lamang ang nais ipahayag ng pangungusap.

6. Sa kayarian ng pang-uri na (pahambing, maylapi), binubuo ang salitang naglalarawan ng panlapi at salitang-ugat.

7. Ang antas ng pang-uri na (pasukdol, pahambing) ay nagtataglay ng palamang at pasahol na paghahambing.

8. Ang (tambalan, inuulit) na kayarian ng pang-uri ay tumutukoy sa mga naglalarawang inuulit na salitang-ugat.

9. Ang (kayarian, antas) ay binubuo ng payak, maylapi, inuulit, at tambalan.

10. (Makinis, magaspang) ang kutis ni Jasmine, kagaya ng isang tanyag na artista.

LIVEWORKSHEETS